# Ang mabuting panaginip ay mula kay Allah at ang masamang panaginip ay mula sa Demonyo.

Ayon kay Abū Qatādah, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Ang mabuting panaginip (sa isang sanaysay: Ang magandang panaginip) ay mula kay Allah at ang masamang panaginip ay mula sa Demonyo. Kaya kapag nanaginip ng anumang kinasusuklaman niya ay bumuga siya sa kaliwa niya nang tatlong ulit at magpakupkop siya at hindi na siya mapipinsala nito." Ayon kay Jābir, malugod si Allah sa kanya, ayon sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,na nagsabi: "Kapag nanaginip ang isa sa inyo ng panaginip na kinasusuklaman niya ay dumura siya sa kaliwa niya nang tatlong ulit, magpakupkop siya kay Allah laban sa Demonyo nang tatlong ulit, at lumipat siya [sa ibang tagiliran] mula sa tagiliran niyang dati niyang [hinihigaan].”

[Tumpak.] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim.]

Ipinabatid niya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa ḥadīth na ito na ang panaginip na ligtas sa panlilito ng Demonyo at panggagambala nito ay bahagi ng kabuuan ng mga biyaya ni Allah sa mga lingkod Niya, bahagi ng mga nakalulugod na balita sa mga mananampalaaya, mga panawag-pansin sa mga nalilingat, at paalaala Niya sa mga umaayaw. Ang masamang panaginip na mga halu-halong mga panaginip ay bahagi lamang ng panlilito ng Demonyo sa kaluluwa ng tao, panggagambala nito roon, pagpapahilakbot doon, paghahatak ng mga bagay na nagdudulot ng alalahanin at lumbay -- malulungkot siya at marahil magkakasakit pa siya -- dahil ang Demonyo ay kaaway ng tao at naiibigan nito ang nakasasama sa tao at nagpapalungkot sa kanya. Kaya kapag nakakita ang tao sa panaginip niya ng anumang ikanaliligalig niya, ikinatatakot niya, at ikinalulungkot niya kailangan niyang gumawa ng mga hakbang na magtutulak sa pakana ng Demonyo at panunulsol nito. Ang paglulunas nito ay gaya ng nasaad sa ḥadīth: 1. Na dudura siya sa dakong kaliwa niya nang tatlong ulit; 2. Na magpapakupkop siya kay Allah laban sa Demonyong isinumpa nang tatlong ulit upang itulak ang kasamaan nito at ang pamiminsala nito; 3. Kapag nakahiga dati sa kaliwang tagiliran ay lilipat sa kanan at kapag naman nakahiga dati sa kanang tagiliran ay lilipat naman sa kaliwa. Kapag ginawa ang mga naunang hakbang, hindi siya mapipinsala sa anuman ayon sa kapahintulutan ni Allah bilang paniniwala sa Sugo ni Allah (pagpalain siya ni Allah at pangalagaan), at bilang pagtitiwala sa tagumpay ng mga hakbang na magtutulak doon.